Co, Denise Roselle P.
BSBA-MM 3-1N

Reaksyon ayon sa Documentaryong “Philippine Treasures”

Napakaraming dapat natin ipagmalaki. Maliban na ang Pilipinas ay isang archipelago, napakarami nating dagat na nakakaakit sa mga turistang bisitahin ang Pilipinas. Bukod sa mainit tayong tumatanggap ng bisita, napkasarap din nating magluto. Ito ng mga karamihan na masasabi ng mga Pilipino kung pan tayo naging mayaman sa kultura ngunit hindi pa pala.

Ginto, ito ay tagong yaman na mayroon ang ating bansa. Isa pala ang Pilipinas sa mga bansang mayaman dito. Bago pa dumating ang mga mananakop, tayo ay mayaman na sa kultura at sa yamang mineral na ito. Nasasabi ng mga eksperto na ang dating Pilipino ay nakakapagsuot na ng ginto. Ang mga datuat asawa nito ay marahil hindi lang alahas ang gintong sinusuot kundi pati ang damit nila’y gawa rito.

Ang museo ng Ayala na nakpagtago ng iba sa mga natagpuan na alahas na gawa ginto ay nagsasabi na higit kumulang na isang libong siglo na ang mga ito. Makikita n ang mga sinaunng Pilipino ay marunong ng humulma at magproseso ng mga ginto, hindi lang ito basta-basta kundi pinakamataas na kalidad ng ginto. Ang mga natagpuan ay “Golden Regala” at “Golden Tara” na wala sa ating bansa.

Hindi lang ginto ang yaman ng ating bansa, may natagpuan ring artifacts na ginagamit sa paglilibing na tinatawag “Maitum Jars”. Ito ay masasabing ginawa pa noong 5BC o metal age. Isa itong bangga na hugis tao. Mayroon ding nahanap na mga bato na may baybayin.

Tila napakayaman ng Pilipinas sa kultura ngunit napakasakit isipin na mga dayuhan pa ang nakakainteres sa yaman ng Pilipinas. Nawa na magkaroon ng budget para mapangalagaan ang mga ito upang makita pa ng mga susunod na henerasyon.